

Balitang Manmin

BILANG 208 AGOSTO 19, 2018

“Nakamamanghang Makitang Pinatutunayan ng mga Datos Tungkol sa Medisina ang Pagpapagaling ng Diyos!”

Dinaluhan ng 400 Tao na Nagmula sa 17 Bansa ang Ika-15 Pandaigdigang Kumperensya ng WCDN sa Poland



Noong Hunyo 16-17, 2018, idinaos ng World Christian Doctors Network ang Ika-15 International Christian Medical Conference sa Warsaw, Poland. Ito ay may temang “Spirituality, Medicine, and Science,” (Kabanalan, Medisina, at Siyensya). Ang WCDN ay isang pandaigdigang organisasyon ng mga doctor na nagpapatunay ng ang Diyos ay may kapangyarihang magpapagaling ayon sa datos ng medisina. Nagdadaos sila taun-taon ng mga kumperensya sa iba’t ibang lugar sa mundo.

Ang ika-15 kumperensya ng WCDN ay dinaluhan ng humigit-kumulang 400 mga doctor at mga propesyunal sa larangan ng medisina mula sa 17 mga bansa, Israel, Russia, Spain, Italy, at Bulgaria. May mga tagasalin sa wikang Ingles, Polish, Russian, at Kastila sa buong pagpupulong. Sa loob ng dalawang araw, ipinakita ang 12 kaso ng pagpapagaling, at nagsagawa ng apat na espesyal na pagtuturo.

Pagkatapos ng maikling awitan ng mga papuri at pagpapakilala ng mga dumalo mula sa iba’t ibang bansa, nagpaabot ng mainit na pagtanggap si Dr. Daria Wojnar, na siyang nanguna sa komite ng paghahanda at pagsasaayos ng kumperensya. Ang unang sesyon ay isang pagtuturo mula kay Dr. Andrei Gasiorowski, Direktor ng WCDN, Israel. Tinalakay niya ang tungkol sa buhay at ministeryo ni Dr. Jaerock Lee,

Tagapagtatag ng WCDN, ang pagbisita niya sa Korea, at ang pagkikita nila ni Dr. Lee.

Sinabi niya, “Marami na akong nakilalang mga Cristianong doktor at propesyunal habang pinaghahandaan ko ang kumperensyang ito. Para sa kanila, napakahalaga ng mga hindi pangkaraniwang pagkilos ng Diyos. Naisip ko rin na makakukuha ng inspirasyon ang mga dadalo sa mga pagpapagaling na gagawin ng Diyos sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee at sa katapan niya sa Diyos, sa Panginoon, at mga kaluluwa. Gusto kong ibahagi ang tungkol sa buhay, ministeryo, pagpapakumbaba, at pag-ibig niya na nakita at naranasan ko ng personal, kaya sinasabi ko sa inyo ito ngayon.”

Nagbahagi si Dr. Gilbert Chae, Presidente ng WCDN ng mensahe ng malugod na pagtanggap sa mga dumalo at ipinalabas ang DVD ng makapangyarihang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee. Pagkatapos, masayang ipinakita ang mga kaso ng mga nangyaring pagpapagaling. Sa taong ito, pitong tao ang pinagaling ng Diyos sa pamamagitan ng hiling na panalangin ni Dr. Lee.

Ipinakita ni Dr. Lyubka Tancheva, taga-Bulgaria, ang pagpapagaling ng Diyos sa pagdurugo ng utak ng isang tao; si Dr. Olesea Tanas ng Moldova ay nagpakita ng pagpapagaling sa nabaling buto ng braso; ang pagpapagaling ng apdo (gallbladder) ay ipinakita ni Dr. Daniel Fuentes, taga-

Mexico; si Dr. Vahe Buniatyan, ng Armenia, ay nagpakita ng paggaling ng sakita sa puso; at si Dr. Joonsung Kim, taga-Korea, ay nagpakita ng pagpapagaling ng mga mata. Higit sa lahat, ipinakita ni Dr. Changkyu Yang, mula sa Korea, ang pagpapagaling ng sinapiang demonyo, ipinaliwanag niya kung gaano kalalim ang espirituwal na mundo. Dahil sa mga ipinakita niya, natanto ng mga dumalo na ang mga problema sa pag-iisip at sa katawan ay malulutas kapag nalutas na ang mga problemang espirituwal.

Ipinakita ni Dr. David Eu, taga-Singapore, ang tungkol sa pagpapagaling na nagagawa ng Muan Sweet Water. Naging interesado dito ang mga dumalo. Kung ang tubig ng Mara na mapait ay naging tubig na masarap inumin gaya ng nakasulat sa Exodo 15:25, naging tubig na pwedeng inumin ang tubig-alat sa harapan ng Muan Manmin Church dahil idinalangin ito ni Dr. Lee. Dahil sa Muan Sweet Water, maraming taong gumaling mula sa mga karamdaman, pati ang mga malapit ng mamatay na mga hayop at halaman ay muling nabubuhay.

Bukod dito, nagpakita ang mga doctor mula sa Poland ng limang patunay ng pagpapagaling ng peritonitis, kanser sa suso, pagdurugo ng utak, tumor sa pituitary gland, at abnormal na sanggol sa sinapupunan sa pamamagitan ng panalangin at medisina. Ang ikalawang espesyal na sesyon ay pagpapalabas ng DVD na “The Seed of

Life” (Binhi ng Buhay). Ito ay batay sa serye ng sermon ni Dr. Jaerock Lee, at ang ikatlo ay pagtuturo ni Dr. Gilbert Chae tungkol sa “The Root of Diseases” (Ugat ng mga Karamdaman).

Sinabi ni Dr. Dmytro Krupin, taga-Ukraine, “Nakapakaw ng interes ang pagsasama ng medisina at kabanalan. Batid ko na ngayon na gumagaling ang mga karamdaman sa tulong ng pagiging espirituwal.” Ibinahagi ang panghuling sermon ni Pastor Daniel Rozen, tagapagayos ng WCDN sa Gitnang Silangan. Ang tema ng pagtuturo niya ay “Past, Present, and Future of Israel (Nakaraan, Kasalukuyan, at Hinaharap ng Israel).”

Sinabi ni Daria Wojnar, Tagapangulo ng Komite ng pagsasaayos ng kumperensya sa Poland, “Nakatutuwang makarinig ng tungkol sa pagpapagaling ng Diyos dahil sa panalangin. Maganda lahat ang mga pagpapagaling na ipinakita, mga espesyal na pagtuturo para sa espirituwal na paglago, at mga nakamamanghang pagtatanghal. Nagpapasalamat ako kay Dr. Jaerock Lee na nagbigay ng magandang pagkakataon at nanalangin para sa atin.”

Nagpuri ang mga tagapagtanghal mula sa Komite ng Sining ng Pagtatanghal ng Manmin Central Church gamit ang anim na wika, kasama na dito ang lokal na wikang ginagamit. Sumayaw sila ng tradisyunal na sayaw ng Poland.

Diyos na Nagpapagaling



Dr. Jaerock Lee

Punong Pastor ng Manmin Central Church

- Tagapangulo, The United Holiness Church of Jesus Christ
- Permanenteng Presidente, The World Christianity Revival Mission Association
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Global Christian Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, World Christian Doctors Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Manmin International Seminar
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, The Alliance Holiness Theological Seminary
- Doctorate ng Ministry, at Honorary Doctorate sa Divinity
- Ang mga sermon ni Dr. Lee ay inibrodkast ng Christian Broadcasting System at Far East Broadcasting Company.
- Ang mga artikulong sinusulat niya ay inilathala ng The Chosun Ilbo, The JoongAng Daily, The Dong-A Ilbo, The Hankook Ilbo, The Seoul Shinmun, The Hankyoreh Shinmun, The Kyunghyang Shinmun, The Korea Economic Daily, The Shisa News, The Christian Press
- Nagdaos siya ng mga krusada sa Estados Unidos: New York City, Washington D.C., Baltimore, Maryland, Los Angeles, Hawaii; sa Japan; India; Pakistan; Pilipinas; Argentina; Honduras; Peru; Russia; Germany; Kenya; Tanzania; Uganda; The Democratic Republic of Congo; Jerusalem, Israel; at Estonia

Hindi nagbabago ang Diyos, kahapon man o ngayon. Hanggang ngayon, nais Niyang hindi magkaroon ng kahit na anong karamdaman at maging malusog ang minamahal na mga anak Niya. Dahil may dahilan kung bakit nangyayari ang isang bagay, may dahilan din kung bakit nagkakasakit ang isang tao. Kaya kung naiintindihan ninyo kung bakit nagkakasakit ang isang tao, hindi na magiging mahirap humiling ng kagalingan. Pag-aralan natin ang mga dahilan ng mga karamdaman at kung paano makikipagtagpo sa Diyos na Siyang nagpapagaling sa atin.

1. Unang hakbang, paghahanda: Ang pananampalatayang nais ng Diyos

Nakasulat sa Apat na Ebanghelyo ang tungkol sa ministryo ni Jesus. Sa pamamagitan Niya, nakakita ang bulag, nakarinig ang bingi, nakalakad at nakatalon ang lumpo, at nalinis ang balat ng may ketong. Lahat ng klaseng karamdaman ay gumaling, kahit ang patay ay muling nabuhay.

Pero kahit napakalaki ng kapangyarihan ni Jesus, hindi lahat ng maysakit ay gumagaling. Ito ay depende sa kung mayroon silang pananampalatayang bigay ng Diyos o wala. Kapag lumapit sa Diyos ang isang taong may ganitong klaseng pananampalataya, tatanggapin niya ang kasagutan sa kahit na anong problema (Mateo 9:18-26; Mark 10:46-52). Kahit hindi personal na makalapit sa Kanya ang isang taong may karamdaman, ginagawa ito ng mga kapamilya niya para sa kanya, humihiling sila ng may pananampalataya, at tumatanggap sila ng kasagutan.

Nakasulat sa Marcos kabanata 2 ang tungkol sa isang lumpo at kanyang mga kaibigan. Hindi sila makalapit kay Jesus dahil napakaraming tao. Tinanggal nila ang bubong sa ibabaw ni Jesus at ibinaba ang lalaking lumpo na nakahiga sa paleta. Ginawa nila ito dahil nanampalataya sila na gagaling ang kaibigan nila kapag napalapit kay Jesus. Nakita ni Jesus ang pananampalataya nila, pinagaling Niya ang lumpo. Tumayo siya at naglakad. Gaya ng inilarawan dito sa pangyayaring ito, dapat nating ihanda ang sisidlan ng kasagutan na ibibigay ng Diyos, at ang sisidlang ito ay 'pananampalataya'.

Mapapagaling ng kapangyarihan ng Diyos kahit ang mga karamdaman na ayon sa mga doktor ay hindi nagagamot at nakamamatay. Sa kapangyarihan ng Diyos makapaglalakad at makatatalon ang mga nakaupo sa silyang may gulong, makakikita ang mga bulag, at makapagsasalita ang mga pipi. Gagaling ang mga taong malapit ng mamatay dahil sa panalangin, pero, dapat muna nating malaman kung bakit nagkakasakit.

2. Mga dahilan ng mga karamdaman

1) Kasalanan

Sa simula, nang likhain ng Diyos ang langit at lupa, at lahat ng mga bagay na narito, walang mga karamdaman, sakit, kalamidad, o kamatayan. Pero nang magkasala ang unang nilalang na si Adan, at pinalayas mula sa Halaman ng Eden, isinumpa ang lahat ng bagay dito sa mundo. Nagkaroon ng mga mikrobyo, bakterya, at maruruming bagay na may dalang karamdaman. Nagkaroon din ang mga karamdaman na dala ng polusyon, at mga sakit na namamana at mga kakulangang nakukuha sa ibang tao. Nagiging dahilan ito ng may diperensya at abnormal na katawan.

Mababasa sa Exodo 15:26, "Na sinasabi, 'Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay Ko sa mga Ehipcio, sapagkat Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa

iyos.'" Pinapahiwatig dito na kasalanan ang dahilan ng karamdaman. Kapag susundin natin ang salita ng Diyos, hindi tayo magkakasakit, poprotektahan Niya tayo.

Siyempre, may mga hindi pangkaraniwang kaganapan tulad ng nakasulat tungkol sa isang lalaking bulag sa Kabanata 9 ng aklat ni Juan. Maliban dito, karamihan sa mga karamdaman ay dahil sa kasalanan. Kaya lutasin muna ninyo ang problema ninyo sa kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit pinatatawad muna ni Jesus ang mga tao mula sa kasalanan nila bago sila pagalingin mula sa mga karamdaman (Marcos 2:5). Pagsisihan ninyo ang pagsuway ninyo sa Salita ng Diyos.

2) Paglabag sa kautusan ng pisikal na mundo

Kung palagi kayong gagawa ng isang bagay na makasisira sa katawan ninyo, mas malaki ang posibilidad na magkasakit kayo. Halimbawa, sasagarin ninyo ang pagod. Dahil sa pagod, hindi kayo makakain, hindi magiging regular ang kain ninyo o kaya kakain kayo ng higit pa sa kailangan ng katawan ninyo, hindi na balanse ang pagkain ninyo. O kaya, naninigarilyo o umiinom kayo ng alak. Kahit alam ninyong masama ang mga ito sa kalusugan ninyo, hindi ninyo mapigilan ang sarili ninyo. Ito ay dahil masiba kayo. Pagkatapos, magkakasakit na kayo. Ang mga ginagawa ninyo ay paglabag sa kautusan ng pisikal na mundo na itinakda ng Diyos. At kapag nilabag ninyo ito, hindi kayo poprotektahan ng Diyos.

Dapat ninyong mahalin at ingatan ang katawang ibinigay sa inyo ng Diyos, panatilihin ninyo itong banal. Pagsisihan ninyo na hindi kayo kumilos ng tama sa harapan ng Diyos.

3) Nagmumula sa isipan o sa utak

Kung napapagod kayo dahil sa pag-aalala at pagkabahala, o kung nagtatago kayo ng galit, poot, at lungkot sa puso, pwedeng maging dahilan ito ng pagkasira ng pag-iisip. Ang pagkasira ng pag-iisip ay ang mga sumusunod – neurosis, psychosis, depresyon, at iba pang karamdaman na nagmumula sa galit o sama ng loob na nasa puso. Ang mga ganitong klaseng sakit sa pag-iisip ay nagiging sakit sa pisikal na katawan. May mga tao rin na sinasapihan ng pwersa ng kadiliman. Kapag nanghihina ang pag-iisip nila, isusuko nila ang saloobin at kalooban nila.

Mababasa sa Filipos 4:6, "Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at pagsamo na may pagpapasalamat ay ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos." Sinasabi ng 1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18, "Magalak kayong lagi. Manalangin kayong walang patid, sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo, sapagkat ito ay kalooban ng Diyos kay Cristo Jesus para sa inyo." Sa Mga Hebreo 12:14, mababasa, "Pagsikapan ninyong magkaroon ng kapayapaan sa lahat, at ng kabanalan na kung wala nito'y walang sinumang makakakita sa Panginoon." Kapag ginagamit ninyong gabay ang Salita ng Diyos at sinusunod ninyo ito, hindi magkaroon ng kahit na anong karamdaman ang inyong isipan.

Kapag may galit, poot, o sama ng loob, hindi kayo makapagpapatawad. Sisisihin ninyo ang ibang tao, o magagalit kayo sa kanila. Kapag wala kayong ganang magpasalamat at magalak, kapag nagreklamo kayo at nag-aalala, kadalasan, ang dahilan nito ay kulang ang tiwala sa Diyos. Mali ito sa paninging ng Diyos, dapat ninyong pagsisihan ito.

4) Ang kaaway na diyablo at Satanas

Kapag ang tao ay may sapi ng demonyo o ni Satanas, pwede silang magdusa mula sa mga karamdamang dala ng mga demonyo o ng diyablo. Kadalasan, nangyayari ito sa mga pamilyang sumamba sa mga diyus-diyosan. Hindi sila nawawalan ng mga pagsubok o kahirapan. Ang mga problema ay hindi nawawala sa mga pamilyang ito, mga karamdamang pisikal at mental, sugapa sa alak, depresyon, at pwede

Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang

hanggang Langit.

5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. "Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25) "Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitag Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
 Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
 Website: <http://www.manmin.org/english>
www.manminnews.com
 Email: manminen@manmin.kr
 Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog

“Na sinasabi, ‘Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay Ko sa mga Ehipcio, sapagkat Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo.’”
(Exodo 15:26)

ring pagpapakamatay (Exodo 20:4-5).

Kung susundin ninyo ang salita ng Diyos, pwede pa rin Niya kayong protektahan kahit sumasamba ang pamilya ninyo sa mga diyus-diyosan. Pero may ilan sa inyong may koneksyon pa rin sa mga diyus-diyosan nang hindi ninyo nalalaman. Ibig sabihin, baka iniukit ang mga pangalan ninyo sa mga diyus-diyosan o sa mga bagay na may kinalaman sa mga diyus-diyosan ng mga magulang ninyo o mga ninuno ninyo. Ipatanggal dapat ninyo ito. Makakalaya lang kayo sa mga karamdaman kung puputulin ninyo ang koneksyon.

At kung ang ninuno ng isang tao o isang miyembro ng pamilya ay gumawa ng napakasamang bagay, baka sapian siya ng demonyo o ni Satanas. Kung nasa ilalim ang isang tao ng kapangyarihan ng masasamang espiritu, kahit sabihin niya na nananampalataya siya, malamang nakagawa siya ng napakasamang mga bagay. Kung hindi normal ang pag-iisip ng isang tao, at hindi niya kayang pakinggan ang Salita at hindi makapagsisi, dapat ang pamilya niya ang dumalo sa iglesya, sila ang magsisi para sa taong ito, nang may pagmamahal. Sila din ang tatanggap ng makapangyarihang panalangin nang may pananampalataya.

3. Paano tatanggapin ang pagpapagaling ng mga karamdaman

1) Gibain agad ninyo ang pader ng kasalanan sa pagitan ninyo ng Diyos

Mababasa sa Isaias 59:1-2, “Narito, ang kamay ng PANGINOON ay hindi maikli, na di makapagligligtas; ni hindi mahina ang Kanyang pandinig, na ito’y di makarinig. Ngunit pinaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng Kanyang mukha sa inyo, anupa’t siya’y hindi nakikinig.” Sinasabi dito na ang dahilan kung bakit hindi sinasagot ng Diyos ang mga hiling ninyo ay ang pader ng kasalanan sa pagitan ninyo. Kaya para tanggapin ang kasagutan Niya, pagsisihan muna ninyo ng lubos ang mga kasalanan ninyo, gibain ang pader na naghihiwalay sa inyo sa Diyos.

Una, kung hindi pa kayo Cristiano, pagsisihan ninyo na hindi kayo naniniwala sa Diyos at hindi ninyo tinatanggap si Jesu-Cristo.

Nilikha tayo ng Diyos at ibinigay ang bugtong na Anak Niya bilang pambayad sa ating mga kasalanan (1 John 4:10). Pinakamalaking kasalanan sa lahat ng kasalanan ang hindi malaman at maniwala sa pag-ibig Niyang ito.

Kaya paniwalaan ninyo na buhay ang Diyos at kapag mananalangin tayo sasagot Siya at pagagalingin tayo. Pagsisihan din ninyo na hindi kayo nagtiwala sa Diyos at hindi ninyo tinanggap si Jesu-Cristo. Pagkatapos ninyong tanggapin ang Panginoon, tatanggapin ninyo ang Banal na Espiritu bilang handog. Susunugin ng apoy ng Banal na Espiritu ang mga karamdaman ninyo at agad Niya kayong lilinisin.

Pangalawa, kung Cristiano na kayo, pagsisihan ninyo kung hindi tunay ang pananampalataya ninyo.

Baka sinasabi ninyong naniniwala kayo, pero dapat ninyong pagsisihan ang hindi tapat at walang katiyakang pagtiwala ninyo sa Diyos at sa Panginoon. Ang mga taong tulad nito ay aasa sa makamundong mga paraan sa halip na sa Diyos umasa kapag nagkaroon ng mga problema (2 Mga Cronica 16).

Kung nagtiwala sila sa makapangyarihang Diyos, sa Kanya sila aasa. Kung aasa sa makamundong paraan, kulang sila sa pagtiwala sa Diyos. Pagsisihan ninyo ang hindi perpektong pagtiwala sa Kanya. Umasa kayo sa Kanya at ipakita ang inyong pananampalataya. Sasagutin Niya ang panalangin ninyo.

Pangatlo, pagsisihan ninyo na hindi ninyo sinunod ang mga utos ng Diyos.

Sa 1 Juan 5:3, sinasabi na pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos ang pagsunod sa mga utos Niya, at sa Mga Kawikaan 8:13, mababasa natin na ang takot sa PANGINOON ay pagkamuhing sa kasamaan. Kung sinasabi ninyo na may tiwala, may pagmamahal, at may takot kayo sa Diyos pero makasalanan pa rin kayo, nagsisunungaling kayo gaya ng sinasabi sa 1 Juan 2:4. Hindi kayo tatanggap ng kahit na anong kasagutan kahit humingi kayo ng tawad sa Diyos kung hindi ninyo susundin ang mga utos Niya. Kapag pinagsisihan ninyo ang hindi ninyo pagsunod sa mga utos Niya, at magsisimulang isabuhay ang Salita Niya ng may tunay na pagmamahal sa Kanya, pagagalingin Niya kayo.

Pang-apat, pagsisihan ninyo sa harapan ng Diyos ang kagustuhan ninyong mag-ani pero hindi naman nagtatanim.

Kung gusto ninyong gumaling at tumanggap ng mga kasagutan, magtanim kayo ng mga binhi ng pananampalataya sa Diyos (Galacia 6:7). Magtanim kayo ng mga binhi tulad ng oras, pagpupursige, at katapatan. Sumamba kayo sa espiritu at katotohanan, manalangin, maglingkod ng tapat para sa kaharian ng Diyos, at magbigay ng ikapu at magkaloob (Mateo 6:21). Hindi titingnan ng Diyos ang

mismong ginagawa ninyo, ang mabangong samyo ng puso ninyo o ang motibo ninyo ang titingnan Niya. Kapag nalugod Siya sa mabangong samyo ng pananampalataya, katapatan, at pagmamahal ninyo, magbubunga ng mabilis na pagpapagaling at mga kasagutan ito. Lahat ng minimithi ng puso ninyo ay matutupad kung magtatanim kayo ng binhi ng pananampalataya ng buong puso.

2) Magkaroon kayo ng espirituwal na pananampalataya sa Panginoon

Walang orihinal na kasalanan si Jesus at ni hindi Siya nagkasala sa buong buhay Niya, pero nilatigo Siya at dumanak ang mahalagang dugo Niya. Ito ay para tubusin tayong lahat mula sa kasalanan natin. Sinasabi sa Isaias 53:5 na gumaling tayo dahil sa mga latay na tinanggap Niya. Kung naniniwala tayo dito, sabihin natin na magaling na tayo, magalak, at magpasalamat. Pagkalooban Niya kayo ng espirituwal na pananampalataya na tutulong sa inyo para tumanggap ng mga kasagutan mula sa Diyos. Magkakaiba ang pagdating ng mga kasagutan sa bawat tao.

Magkakaiba ang pagkilos ng Diyos para sa bawat tao, depende ito sa nilalaman ng puso at situwasyong kinalalagan ng bawat isa. Kung nananatiling masigasig ang buhay ninyo sa pananampalataya kahit pinagaling na kayo ng Diyos, pagagalingin Niya kayo kahit hindi sapat ang pananampalataya ninyo sa pagtanggap ng kasagutan. May mga taong gumagaling mula sa karamdaman ng dahan-dahan habang lumalago ang pananampalataya nila. May pagkakaiba sa bawat tao dahil ang pinakalayunin ng pagpapagaling ng Diyos ay nasa kaligtasan ng bawat tao.

At kahit gumaling na kayo, pero nagkasalang muli, may mas malalang mangyayari sa inyo (Juan 5:14). Ang mahalaga, hindi dapat kayo magbago sa pagsunod sa Salita ng Diyos pagkatapos ng pagpapagaling sa inyo. Kapag humiling kayo ng may pusong tapat, sasagutin agad kayo ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, may mas mahalaga pa kaysa pagtanggap ng pagpapagaling, at ng mga kasagutan at mga biyaya: Nais ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao mula sa lahat ng bansa at makarating sila sa langit. Hinihikayat ko kayong tanggapin si Jesu-cristo, humingi ng kapatawaran mula sa mga kasalanan, at magkaroon ng espirituwal na pananampalataya na nais ng Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo ang mga kasagutan ng pagsusumamo ninyo, mga dalangin ninyo at mga idinadalangin ninyo, para magkaroon kayo ng perpektong kaligtasan.

“Hinaplos ang puso ko ng biblikal na ministryo ng pagpapagaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos!”



Dr. Oleg Ostreiko, Neurosurgeon, Russia

“Tumanggap ako ng malaking pagpapala nang marinig ko ang espesyal na pagbabahagi ni Dr. Andre Gasiorowski tungkol sa buhay at pananampalataya ni Dr. Jaerock Lee (litrato 1) Nakatagpo ni Dr. Lee ang Diyos noong malapit na siyang mamatay, at natupad niya ang maraming gawain ng Diyos. Espesyal ang buhay niya, makikita dito ang kalakihan ng mga biyaya na ibibigay sa mga taong tunay na nagmamahal sa Diyos at sumusunod sa Kanya. Nagpapasalamat ako kay Dr. Jaerock Lee na nagbigay ng mabuting halimbawa ng tunay na pananampalataya.”





Dr. Valeriy, Ukraine

“Nakita ko ang pagpapagaling ng Diyos sa mga ipinapalabas sa kumperensya tungkol sa pagpapagaling, marami akong natutuhan. Nakita ko dito kung anong mga biyaya ang dadating sa atin kung aasa tayo sa kapangyarihan ng Diyos sa harap ng kahirapan. Nagustuhan ko sa lahat ang presentasyon tungkol sa Muan Sweet Water ni Dr. David Eu (litrato 2). Nakakamanghang makita na naging tubig na maiinom ang tubig-alat. Marami ring nangyayaring pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos dahil sa tubig na ito. Namamangha ako dahil katulad ito ng mga nababasa ko sa Biblia.”



“Buhay ang Diyos, Siya ang Nagpapagaling sa Atin!”

Sa ika-15 Pandaigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor, (International Christian Medical Conference) ng WCDN, ipinakita ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Niluwalhati nila ang Diyos na buhay na kumikilos magpahanggang ngayon.



1 Kaso ng Pagpapagaling Pagdurugo ng Utak

Dr. Lyubka Tancheva, Direktor ng WCDN, Bulgaria



Sa loob ng 15 araw, hindi nawala ang pananakit ng ulo ng **Punong Diakonesa Youngsim Lee, 56 taong gulang, Korea.** Nang makumbulsyon siya na tumagal ng isang minute, naduling ang mga mata niya at naparalisa ang kaliwang bahagi ng katawan niya. Nawalan siya ng malay. Sa CT scan, nakita na nagdurugo ang kaliwang harapang bahagi ng utak niya. Kinabukasan, nakita sa MRI na mayroon ding pagdurugo sa kanang bahagi ng ‘white matter’ ng utak niya.

Noong Abril 2005, pangatlong araw ang lumipas pagkatapos magdugo ang utak niya. Habang nasa ICU siya, tinanggap ng pamilya niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa kanya. At nagkaroon siya ng malay. Nang idalangin siya ulit ni Dr. Jaerock Lee, nawala ang pagkapanalisado niya. Pagkatapos ng pangatlong panalangin, nakapaglakad at nakakayukod na siya.

Noong Mayo 4, pagkalipas ng dalawang linggo, nakita sa MRI na lumiit ang hematoma niya. Huminto na rin ang padurugo ng utak niya. Nagpa-CT scan siya pagkatapos ng siyam na buwan mula noong naging masama ang pakiramdam niya. Nakita dito na lubos na nawala ang hematoma, walang bukol o tumor. Lubos na ang paggaling niya.

Resulta ng MRI



▲ Nakitang nagdurugo ang magkabilang bahagi ng utak niya, pero pagkatapos ng panalangin, nawala ang pagdurugo.

Dr. Lidia Kolessova, Estonia, Radiologist

“Bumilib ako sa ipinakitang kaso ng pagpapagaling sa pagdurugo ng utak. Nakita ko ang kapangyarihan ng Diyos! Itinakbo ang pasyente sa ospital dahil dumudugo ang utak pero pagkatapos ng ilang araw, pagkatapos idalangin, nawala ang lahat ng sintomas. Hindi ito maipaliwanag, dahil sa panalangin, ipinakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya.

Malalang situwasyon ang pagdurugo ng utak. Kung hindi mabibigyan ng tamang panggagamot, mapaparalisa ang mga bahagi ng katawan at lubos na maapektuhan ang kalusugan. Para gumaling, dapat maoperahan agad ang pasyente. Pero gumaling siya dahil sa panalangin at kapangyarihan ng Diyos. Purihin ang Panginoon!”

2 Kaso ng Pagpapagaling Sakit sa Pusong


Dr. Vahe Buniatyan, Direktor ng WCDN, Armenia



Huminto ang pagtibok ng puso at nagkaroon ng problema sa pagdaloy ng dugo (hepatomegaly, corpulmonale), ni **Kapatid Tatiana Tabaranu, 57 taong gulang, Moldova.** Namaga ang dalawang binti at mukha niya, pati ang tiyan niya, nahirapan din siyang huminga. Sinabi din ng doktor na mayroon siyang hypertrophy sa puso. Dahil sa hindi pagtatrabaho ng tama ng puso, nagiging dahilan ito ng mga karamdaman. Sinabi pa niya na mamamatay siya sa loob ng dalawang linggo kung hindi siya magpapagamot.

Nagpadala kay Dr. Jaerock Lee ng hiling na panalangin ang panganay na anak na lalaki niya. Noong Disyembre 24, 2014, tinawag ni Dr. Lee ang pangalan ng nanay niya at idinalangin ito sa pagsamba ng iglesya. Tinanggap ng nanay niya ang panalangin habang nanonood ng naka-record na pagsamba. Pagkatapos, naramdaman nito na nawala na ang nakabara sa puso niya. Naramdaman niya na gumana na ng maayos ang puso niya, nakakahinga na siya ng maluwas. Kinabukasan, nawala na ng lubos ang pamamaga, magaling na siya. Pagdating ng Enero 1, 2015, normal na ang pakiramdam niya. Hindi nagtagal, nakapaglakad na siya ng maayos at walang tulong, nakagagalaw na siya, at nakatatalon.

Bago idalangin at pagkatapos idalangin



▲ Ang buong katawan niya ay nagdusa dahil sa edema dahil sa corpulmonale (abnormal na paglaki o pamamaga ng kanang bahagi ng puso dahil sa sakit sa bago o mga ugat), nahirapan siyang huminga. Pero pagkatapos ng panalangin na lumalampas sa lugar at panahon, nawala ang edema sa buong katawan niya.

Dr. Boris Topor, Moldova, Topographic Anatomist

“Ang kasong ito ay mas lalong naghihikayat sa atin na paniwalaan ang pagpapagaling ng Diyos. Pinagaling siya ng Diyos dahil sa hiling na panalangin at walang tulong ng medisina. Namaga ang buong katawan niya dahil sa sakit sa puso (corpulmonade at arrhythmia), kaya nahirapan siyang huminga. Halos mamatay na siya pero gumaling siya dahil sa panalangin! Kumplikado ang proseso ng pagtanggap ng pamamaga kaya nakamamangha ang pagkawala nito sa buong katawan niya. Kamanghamanga!

Bukod dito, idinalangin siya ni Dr. Jaerock Lee na nasa South Korea at tinanggap niya ang panalangin habang nasa Moldova, Europa siya. Totoong kapangyarihan ng Diyos na lumalampas sa lugar at panahon ang nagpapagaling sa kanya!”


3 Kaso ng Pagpapagaling Karamdaman sa Gallbladder (apdo)

Dr. Daniel Fuentes, Direktor ng WCDN, Mexico



Noong Setyembre 2014, biglang sumakit ang tiyan ni **Kapatid Maria Macuado, 24 taong gulang.** Nakita sa ultrasound na mayroon siyang 16.5mm bato sa apdo. Gusto niyang gumaling sa pamamagitan ng pananampalataya, inisip niya ang mga kasalanan na ginawa niya. Samantala, nakita niya si Dr. Jaerock Lee sa panaginip, idinalangin siya nito. Batid niya na pinagaling siya, kaya nagpasuri siya ulit. Nakumpirma niya na nawala na ang 16.5mm bato sa apdo. Ang bile duct (maliit na daluyan ng bile papunta sa maliit na bituka) ay 5mm lang, kaya hindi makakadaan dito ang bato kung mas malaki pa ito sa dadaanan. Pero nawala ang malaking bato!


Resulta ng ultrasound



▲ Bago idalangin: makikita ang 16.5mm bato sa apdo
▶ Pagkatapos idalangin: nawala ang bato pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee

Noong Hunyo 2017, biglang sumakit ang tiyan ni **Diakono Munsaeng Kim, 59 taong gulang.** Nakita sa pagsusuri na mayroong siyang gangrenous cholecystitis (malalang karamdaman ng apdo). Nakita sa CT scan na magang-maga ang apdo niya, at may mga bahaging nasisira na dahil sa mga nana. Pero tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee at nanampalataya. Pagkatapos, gumaling at naging normal ang apdo niya, hindi na kinailangang uminom ng mga gamot.

CT scan



▲ Bago idalangin: ang apdo niya ay may malalang kalagayan (necrosis, perforation, at pamamaga)
▶ Pagkatapos idalangin: bumalik sa normal at gumaling ang apdo

Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714